

Mga Abiso tungkol sa Kalusugan at Kagalingan: Kabilang ang Abiso tungkol sa mga Patakaran sa Pagkapribado, Kalipunan ng mga Karapatan ng Pasyente, Mga Inaalala ng Kostumer, Mga Pamantayan ng Tagapagbigay ng Serbisyo sa Medicare, Impormasyon sa Warantiya

I. Abiso tungkol sa mga Patakaran sa Pagkapribado.

Petsa na Epektibo: Marso 26, 2013 Petsa ng Pagbabago: Enero 10, 2017

INILALARAWAN NG ABISO NA ITO KUNG PAANO MAAARING MAGAMIT AT MAISIWALAT ANG IMPORMASYONG MEDIKAL TUNGKOL SA IYO, AT KUNG PAANO KA MAGKAKARON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. PAKIBASA ITO NANG MABUTI. **Nauukol sa:** Botika, Botika ng Espesyal na Gamot, Central Fill, Sentro ng Paningin/Optical, Mga Klinika, at mga serbisyo sa Pangangasiwa sa Terapiya ng Medikasyon para sa lahat ng tindahan ng Walmart at Sam's Club.

Nauunawaan namin na ang iyong impormasyong medikal ay personal. Naninindigan kami sa pagprotektang sa iyong impormasyong medikal. Ang Wal-Mart Stores, Inc. ("Walmart at Sam's Club") at ang mga kaanin nitong kompanya ay inaataas ng batas na panatilihin ang pagkapribado ng iyong protektadong impormasyon sa kalusugan ("PHI"), na sundin ang mga takda ng Abiso na ito, at ibigay sa iyo ang Abiso na ito tungkol sa aming mga legal na tungkulin at mga patakaran sa pagkapribado hinggil sa iyong impormasyon sa kalusugan. Dapat naming sundin ang mga takda ng kasalukuyang Abiso. Petsa na Epektibo: Marso 26, 2013 Petsa ng Pagbabago: Enero 10, 2017.

Paano Maaaring Gamitin o Isiwalat ng Walmart at Sam's Club ang Iyong Protektadong Impormasyon sa Kalusugan

1. Para sa Paggamot. Maari naming gamitin ang iyong PHI upang magbigay ng mga reseta, magkaloo ng medikal na paggamot/mga serbisyo, at/o magkaloo sa iyo ng mga serbisyo sa pangangasiwa sa terapiya ng medikasyon. Maari naming isiwalat ang iyong PHI sa mga gumagamot na doktor, mga tagapagbigay ng serbisyo, botika, tagapagbigay ng mga serbisyo sa mata, at mga iba pang tao na sangkot sa paggamot at pangangalaga sa iyong kalusugan. **2. Para sa Pagbabayad.** Maari naming gamitin at isiwalat ang iyong PHI upang maningil at makakolekta kami ng bayad mula sa iyo, sa iyong kompanya ng seguro, o sa ikatlong partido. Maaaring kabilang dito ang pagsasagawa ng mga pagtitiyak hinggil sa pagiging karapat-dapat sa seguro sa Medicaid, Medicare, o mga iba pang planong pangkalusugan sa estado, pagpapasya sa katayuan sa enrollment, at pagbibigay ng impormasyon sa mga entidad na tumutulong sa aming magsumite ng mga bill at mangolekta ng mga halagang dapat bayaran. **3. Para sa Mga Pagpapatakbo ng Pangangalagang Pangkalusugan.** Maari naming gamitin at isiwalat ang iyong PHI para sa mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan, na kinabibilangan ng mga gawaing kinakailangan upang magkaloo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at pagtiyak na nakakatanggap ka ng de-kalidad na serbisyong pangkostumer. **4. Para sa Mga Paalala hinggil sa Refill ng Reseta at Mga Produkto at Serbisyong may kinalaman sa Kalusugan.** Maari naming gamitin o isiwalat ang iyong PHI upang: (1) bigyan ka ng mga paalala hinggil sa mga refill ng reseta; (2) abusihan ka tungkol sa isang napasong reseta; (3) ipaalam sa iyo ang mga produkto o serbisyong may kinalaman sa kalusugan; (4) ipaalala sa iyo ang iyong taunang eksaminasyon ng mata o iba pang eksaminasyon; (5) magrekomenda ng mga alternatibong posibleng paggamot na maaaring interesante sa iyo; (6) sabihin sa iyo ang mga iba pang lokasyon kung saan ka makakapag-order ng mga de-resetang produkto; (7) ipaalala sa iyo ang iyong appointment sa klinika; (8) bigyan ka ng impormasyon hinggil sa iyong appointment sa klinika; at/o bigyan ka ng mga serbisyo sa pangangasiwa sa terapiya ng medikasyon. **5. Mga Indibiduwal na Sangkot sa Iyong Pangangalaga o Pagbabayad sa Iyong Pangangalaga.** Maari naming isiwalat ang iyong PHI sa isang miyembro ng pamilya o kaibigan na sangkot sa iyong pangangalagang medikal o pagbabayad sa iyong pangangalaga, basta't sumasang-ayon ka sa pagsisiwalat na ito o bigyan ka namin ng pagkakataon na tutulan ang pagsisiwalat. Kung wala ka o hindi mo kayang tumutol, gagamitin namin ang aming pinakamabuting paglilimi upang magdesisyon kung ang pagsisiwalat na ito ay para sa ikabubuti mo. **6. Ayon sa Hinihingi ng Batas.** Isiwalat namin ang iyong PHI kapag inatasan kami ng batas sa pederal, estado o lokal na pamahalaan na gawin ito. **7. Upang Pigilan ang Seryosong Banta sa Kalusugan o Kaligtasan.** Maari naming gamitin at isiwalat ang iyong PHI kapag kailangan upang iwasan ang seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan mo o sa kalusugan at kaligtasan ng publiko o ng ibang tao. Maari naming isiwalat ang iyong PHI para sa mga gawaing may kinalaman sa kalusugan ng publiko, tulad yaong mga naglalayong pigilin o kontrolin ang sakit, pigilin ang pagkakaugap, pag-uulat ng mga reaksiyon sa mga medikasyon o mga problema sa mga produkto, pagbawi ng mga produkto, at pag-uulat ng pang-abuso o pagpapabaya ng mga bata, matatanda o mga dumedependeng nasa hustong gulang. Gayunpaman, anumang pagsisiwalat ay gagawin lamang sa isang taong makakatulog na pigilin ang banta. **8. Para sa Mga Gawaing Pagbabantay sa Kalusugan.** Maari naming isiwalat ang PHI sa isang ahensiyang nagbantay sa kalusugan na binigyang-kapangyarihan ng batas. Ang mga gawaing pagbantay na ito, na kailangan ng para-baybayan ng pamahalaan ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan, ay kinabibilangan ng mga pag-awdit, pag-iimbestiga, pag-iinspeksyon at paglilisensiya. **9. Para sa mga Demanda at Pagtatalo.** Kung nasasangkot ka sa isang demanda o pagtatalo, maari naming isiwalat ang iyong PHI bilang tugon sa isang kautusan ng korte o kautusan administratibo. Maari din naming isiwalat ang iyong PHI bilang tugon sa isang subpoena, discovery request o iba pang proseso ng batas mula sa isang taong sangkot sa pagtatalo, ngunit pagkatapos lamang magawa ang lahat ng pagsisikap upang ipaalam sa iyo ang tungkol sa kahilingan (na maaaring kinabibilangan ng nakasulat na abiso) o upang kumuha ng kautusang pumoprotekta sa hinihinging impormasyon. **10. Para sa mga Espesyalisadong Tungkulin ng Pamahalaan.** Maari naming isiwalat ang iyong PHI: (1) ayon sa hinihingi ng mga kapangyarihang militar, kung ikaw ay miyembro ng sandatahang lakas; (2) sa isang koreksiyonal na institusyon o opisyal na tagapagpatupad ng batas, kung ikaw ay isang bilango ng nasa kustodiya; (3) bilang tugon sa kahilingan ng isang tagapagpatupad ng batas, sa ilalim ng mga partikular na kondisyon; (4) para sa mga dahilang pambansang seguridad na pinahihintulutan ng batas; (5) sa mga awtorisadong opisyal ng pederal na pamahalaan upang protektahan ang Presidente, mga iba pang awtorisadong tao o pinuno ng mga ibang bansa. **11. Para sa Bayad Pinalala sa Mga Manggagawa.** Maari naming isiwalat ang iyong PHI para sa bayad pinalala sa mga manggagawa o mga programang katulad nito. **12. Para sa Donasyon ng Organ at Tissue.** Maari din naming isiwalat ang iyong PHI sa mga organisasyong nangangalap ng organ o mga katulad nito para sa mga layuning donasyon o pagta-transplant. **13. Para sa Mga Coroner at Direktor ng Punerarya.** Sa iyong pagkamatay, maari naming ibigay ang iyong PHI sa isang direktor ng punerarya, coroner, o medical examiner, alinsunod sa naaangkop na batas upang magawa nila ang kanilang mga tungkulin. **14. Para sa Mga Personal na Kinatawan.** Maari naming isiwalat ang iyong PHI sa isang taong binigyang-kapangyarihan ng batas na kumilpas para sa iyo, tulad ng isang magulang, legal na tagapangalaga, administrador o ehektor ng iyong ari-arian, o iba pang indibiduwal na nabigyang-kapangyarihan sa ilalim ng naaangkop na batas. **15. Para sa Pagbebenta.** Kapag mayroon kang pahintulot, maari naming gamitin o isiwalat ang iyong PHI sa mga ahente o kinatawan ng ikatlong partido, tagapagbigay ng serbisyo at/o kontratista upang mag-alok sa iyo ng pasadyang mga sulat sa pagbebenta. **16. Para sa Pagbebenta ng PHI.** Hindi namin maaaring isiwalat ang iyong PHI sa sinumang ibang tao bilang kapalit ng direkta o di direktang kabayaran maliban kung ang ganooing pagsisiwalat ay sa isa pang covered entity para sa mga layuning paggamot o pagbabayad, o kung hindi man ay ayon sa pinahihintulutan o hinihingi ng batas ng estado o pederal na pamahalaan. Sa ganooing mga pangyayari, ang kabayaran matatanggap namin para sa ganooing mga pagsisiwalat ay hindi maaaring ihigig sa mga makatwirang gastos sa paghahanda o pagpapadala ng PHI. **17. Para sa Mga Kasamahan sa Negosyo.** Maari naming ibahagi ang iyong PHI sa mga partikular na kasamahan sa negosyo na nagsasagawa ng mga serbisyo para sa amin. Maari naming isiwalat ang iyong PHI sa isang kasamahan sa negosyo upang maisagawa ng naturang kasamahan sa negosyo ang trabahong hiningi naming gawin nila at singilin ka o ang ikatlong partidong tagapagbayad mo para sa mga ipinagkaloo na serbisyo. Iniaatas sa amin ng batas ng pederal na pamahalaan na makipagkontrata sa kasamahan sa negosyo upang maprotektahan ang iyong PHI ayon sa hinihingi ng batas at ng Walmart at Sam's Club. **18. Para sa Mga Layunin ng Pananaliksik.** Maari naming ibahagi ang iyong PHI para sa mga layunin ng pananaliksik kung saan ang tangang kabayaranang matatanggap ng covered entity o kasamahan sa negosyo ay ang makatwirang bayad para sa gastos sa paghahanda at pagpapadala ng PHI para sa ganooing mga layunin. **19. Para sa Katibayan ng Imunitasyon.** Maari naming isiwalat ang mga rekord ng imunitasyon sa isang paaralan tungkol sa isang bata na estudyante o nais maging estudyante ng paaralang iyon, ayon sa hinihingi ng batas ng estado o iba pang batas, kung pinahintulutan ng magulang/tagapangalaga, emancipadong minor o iba pang indibiduwal ayon sa naaangkop. **20. Mga Di Sinasadyang Pagsisiwalat sa Drive-Thru Window ng Botika.** Sa ilang tindahan o lokasyon ng club nag-aalok kami ng drive-thru window ng botika. Ang pakikipag-usap sa botika ay maaaring maring ng isang tao na nasa loob o nasa malapit sa botika. Kung nais mo ng karagdagan pagkapribado, iminumungkahi naming makipag-transaksyon ka sa anumang botika sa loob ng tindahan o club. **21. Mga Limitasyon sa Paggamit at Pagsisiwalat ng Iyong Impormasyon sa Kalusugan.** Maliban sa inilarawan sa Abiso na ito, hindi namin gagamitin o isiwalat ang iyong PHI nang wala kang pahintulot. Kung ibibigay mo sa amin ang iyong pahintulot na gamitin o isiwalat ang iyong PHI, maari mong kanselahin ang iyong pahintulot sa pamamagitan ng sulat anumang oras. Kung kakanselahin mo ang iyong pahintulot, ihihinto nito ang anumang karagdagan paggamit o pagsisiwalat para sa mga layuning saklaw ng iyong pahintulot, maliban sa kasong nakaliko na kami batay sa iyong permiso. Dapat rin naming sundin ang anumang batas ng estado na mas mahigpit kaysa sa mga pederal na regulasyon ng HIPAA. Kung magkaroon ng paglabag sa seguridad ng iyong PHI, bibigyan ka ng abiso. Ang impormasyon tungkol sa mga batas na ito ay makikita sa www.walmart.com, www.samsclub.com o kapag hiningi mo sa tindahan o club sa iyong lugar.

Karapatan Mo ang Mga Sumusunod Pagdating sa Iyong Protektadong Impormasyon sa Kalusugan na Nakalagay sa Aming Mga Rekord

1. Maari kang humingi ng mga paghihigpit sa paggamit o pagsisiwalat sa iyong PHI para sa paggamot, pagbabayad o mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan, o kapag ginagamit o isinisiwalat ang iyong PHI sa isang tao na sangkot sa iyong pangangalaga o pagbabayad sa iyong pangangalaga, tulad ng isang miyembro ng pamilya o kaibigan. Hindi kami kailangang sumang-ayon sa iyong kahilingan. Kung sasang-ayon kami, susundin namin ang iyong kahilingan maliban sa mga partikular na emergency na sitwasyon o ayon sa hinihingi ng batas. **2.** Maari kang humingi ng mga paghihigpit sa ilang pagsisiwalat sa iyong PHI sa iyong plano sa kalusugan para sa mga layuning pagbabayad o pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan hinggil sa mga serbisyong nabayaran na nang buo (mula sa sariling balsa). **3.** Maari mong inspeksyonin at maari kang tumanggap ng nakasulat sa papel o elektronikong kopya ng iyong mga medikal na rekord, kung handang makopya ang mga ito. Kadalasan, kabilang dito ang mga rekord ng reseta at billing. Maari ka naming singilin para sa mga gastos sa pagtugon sa iyong kahilingan. Maaaring di namin aprubahan ang iyong kahilingan, at kapag ganoon, maari mong hinging maresapo ang di pag-apruba. **4.** Maari mong hinging maamihandahan ang iyong PHI kung ito ay hindi tama o hindi kumpleto. Dapat kang magbigay ng dahilan na sumusupporta sa iyong kahilingan. Maaaring di namin aprubahan ang iyong kahilingan kung ang PHI ay tumpak at kumpleto, o hindi ito bahagi ng PHI na itinatago ng o para sa Walmart o Sam's Club. Kung hindi namin aprubahan ang iyong kahilingan, may karapatan kang magsumite ng pahayag ng di pagsang-ayon hinggil sa anumang bagay sa iyong rekord na pinaniniwalaan mong hindi kumpleto o hindi tama. Ang iyong kahilingan ay magiging bahagi ng iyong medikal na rekord. Ilalaking namin ito sa iyong mga rekord at isasama ito kapag gagawa kami ng pagsisiwalat ng bagay o pahayag na pinaniniwalaan mong hindi kumpleto o hindi tama. **5.** Maari kang humingi ng listahan ng mga pagsisiwalat sa iyong PHI. Ito ay listahan ng mga pagsisiwalat sa iyong impormasyon sa kalusugan, bukod sa paggamot, pagbabayad o mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan, at mga iba pang pagpupuweraing pinahihintulutan ng batas. Dapat tukuyin ng iyong kahilingan ang ipesipikong panahon, na hindi maaaring mas matagal kaysa anim na taon at hindi maaaring kabilang ang mga petsa bago Abril 14, 2003. **6.** Maari mong hilinging makipag-ugnayan kami sa iyo sa isang partikular na paraan o sa isang partikular na lugar. Halimbawa, maari mong hinging makipag-ugnayan lamang kami sa iyo sa trabaho o sa ibang tirahan o post office box. Dapat nakasaad sa iyong nakasulat na kahilingan kung paano o saan mo nais na makontak. Pagbibigyan namin ang mga makatwirang kahilingan. Kung nais mong gamitin ang almanan sa mga karapatang ito, makipag-ugnayan sa lokasyon ng Walmart o Sam's Club na nagkaloo sa iyo ng mga serbisyo upang kunin ang naaangkop na form, o magsumite ng nakasulat na kahilingan sa HIPAA Compliance, Wal-Mart Stores, Inc., 702 SW 8th Street, Mailstop #0230, Bentonville, AR. 72716-0230. Makukuha ang nakasulat sa papel na kopya ng Abiso na ito mula sa iyong Walmart, Sam's Club, o Neighborhood Market kapag hiningi mo, o online sa www.walmart.com o www.samsclub.com.

Mga Pagbabago dito sa Abiso tungkol sa Mga Patakaran sa Pagkapribado

Inilalaan namin ang karapatang baguhin ang Abiso na ito. Inilalaan namin ang karapatang gawing epektibo ang nabago o napalating Abiso sa PHI tungkol sa iyo na hawak na namin at anumang impormasyong matatanggap namin sa hinaharap. Magpapakil kami ng kopya ng kasalukuyang Abiso. Kung palapitan namin ang aming Abiso, maari kang kumuha ng kopya ng nabagong Abiso sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website sa www.walmart.com o www.samsclub.com, o kapag hiningi mo.

Para sa Karagdagan Impormasyon o para Magreport ng Problema

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa Abiso na ito, makipag-ugnayan sa HIPAA Compliance, Wal-Mart Stores Inc., 702 SW 8th St, Mailstop #0230, Bentonville, AR. 72716-0230 o tumawag sa (800) WAL-MART. Kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatan sa pagkapribado, maari kang magsampa ng nakasulat na reklamo, at walang maghihiganti sa iyo, sa Health & Wellness HIPAA Compliance Officer sa address na nakasulat sa itaas, o sa Kalihim ng Departamento ng Kalusugan at Mga Serbisyong Pantao, Opisina ng Mga Karapatang Sibil.

II. KALIPUNAN NG MGA KARAPATAN NG PASYENTE

Mga Responsibilidad ng Tagapagbigay ng Serbisyo: **1.** Ganap na mapasabihan nang maaga tungkol sa ipagkakaloob na pangangalaga/serbisyo, kabilang ang mga larangan na magkakoob ng pangangalaga at dalan ng pagbisita, pati na rin ang anumang pagbabago sa plano ng pangangalaga; **2.** Makilahok sa paggawa at pana-panahong pagbabago ng plano ng pangangalaga; **3.** Tanggihin ang pangangalaga o paggamot matapos na ganap na maipaliwanag ang mga kinahinatnan ng pagtanggap sa pangangalaga o paggamot; **4.** Mapasabihan, nang pasalita o pasulat, nang maaga tungkol sa ipinagkakaloob na pangangalaga, sa mga sinisingil, kabilang ang pagbabayad para sa pangangalaga/serbisyo na inaasahan mula sa mga ikatlong partido at anumang mga sinisingil na tungkuling bayaran ng kliyente/pasyente; **5.** Matrato ang ari-arian at ang sarili nang may respeto, konsiderasyon at pagkilala sa dignidad at pagka-indibiduwal ng kliyente/pasyente; **6.** Makayang kilalanin ang mga bumibisitang tauhan sa pamamagitan ng angkop na pagkakakilanlan; **7.** Maging malaya mula sa pagmamaltrato, pagpapabaya, o pang-aabusong berbal, mental, seksual at pisikal, kabilang ang mga pinalala na di nalalaman ang pinagmulan, at maling paggamit ng ari-arian ng kliyente/pasyente; **8.** Maglabas ng mga

karaingan/reklamo hinggil sa paggamot o pangangalaga, kakulangan ng respeto sa ari-arian o magrekomenda ng mga pagbabago sa patakaran, tauhan o pangangalaga/serbisyo nang walang pagpigil, pangiangalam, pamimilit, diskriminasyon o paghihiganti; **9.** Mapaimbestigahan ang mga karaingan/reklamo hinggil sa paggamot o pangangalaga na ipinagkaloob (o hindi naipagkaloob) o kakulangan ng respeto sa ari-arian; **10.** Pumili ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang pagpili ng gumagamot na doktor; **11.** Pagkakompidensiyal at pagkapribado ng lahat ng impormasyong nilalaman ng rekord ng kliyente/pasyente at ng Protektadong Impormasyon sa Kalusugan; **12.** Mapayuhan sa mga patakaran at pamamalakat ng ahensiya hinggil sa pagsisiwalat ng mga klinikal na rekord; **13.** Tumanggap ng naaangkop na paggamot nang walang diskriminasyon alinsunod sa mga utos ng doktor o ng tagapagbigay ng serbisyo; **14.** Mapasabihan tungkol sa anumang pinansiyal na benepisyo kapag inirekomenda sa isang organisasyon; **15.** Ganap na mapasabihan tungkol sa iyong mga responsibilidad; **16.** Tumanggap ng impormasyon sa saklaw ng mga serbisyo na ipagkaloob ng organisasyon at mga ispesipikong limitasyon ng mga serbisyo ng iyon.

Mga Responsibilidad ng Pasvente: 1. Magbigay ng kumpleto at tumpak na impormasyon hinggil sa iyong kasalukuyang kalusugan, gamot, mga allergy, atbp., kapag naaangkop sa iyong pangangalaga/serbisyo; 2. Maisama, ayon sa kinakailangan at kakayahan, sa pagbuo, pagsasakatuparan at pagbabago ng iyong plano ng serbisyo pangangalaga sa tahanan, tulad ng tamang paglilinis at pag-iimbak ng iyong kagamitan at mga suplay; 3. Linisin at mentenahin nang tama ang kagamitan at mga suplay; 4. Makipag-ugnayan sa amin kung mayroon kang anumang mga tanong o problema hinggil sa iyong kagamitan, mga suplay o serbisyo; 5. Abisuhan ang doktor na gumagamot sa iyo o ang tagapagbigay ng serbisyo kapag masama ang iyong pakiramdam; 6. Abisuhan kami bago ka lumipat ng tirahan o magpalit ng numero ng telepono; 7. Abisuhan kami kapag nagkakaroon ka ng problema sa kagamitan o serbisyo; 8. Abisuhan kami kung babaguin o ihihinto ng iyong doktor o ng iba pang tagapagbigay ng serbisyo ang iyong reseta; 9. Abisuhan kami tungkol sa pagkakait at/o paghihigpit ng aming patakaran sa pagkapribado.

III. Mga Inaalala ng Kostumer: Maaari Mo Kaming Kontakin sa (800) WAL-MART. Sa loob ng limang araw pagkatanggap sa reklamo kokontakin ka sa telepono, email, fax o sulat na natanggap namin ang iyong reklamo. Sa loob ng 14 na araw sa kalendaryo magbibigay kami ng nakasulat na abiso hinggil sa mga resulta ng iyong pagtatanong at ang kalutasan. Maaari kang tumawag sa (800) WAL-MART kung mayroon kang inaalala hinggil sa pandaraya at pang-aabuso o anumang paggamot o mga serbisyo ipinagkaloob ng aming organisasyon o maaari kang makipag-ugnayan sa Accreditation Commission for Health Care (ACHC) sa (919)785-1214 o (855) 937-2242 kung ang iyong reklamo ay hindi naresolba. Maaari ka ding tumawag sa Office of Inspector General sa 1-(800) 447-8477.

IV. Medicare DMEPOS Supplier Standards. Ang mga produkto at/o serbisyo na ipinagkaloob sa iyo ng Wal-Mart Stores, Inc. ay napapasailalim sa mga pamantayan ng supplier na nilalaman ng mga Pederal na regulasyon na ipinapakita sa 42 Code of Federal Regulations Section 424.57(c). Ang mga pamantayang ito ay may kinalaman sa mga usaping pampropesyonal at pagpapatakbo ng negosyo (hal., pagtupad sa mga warantiya at mga oras ng pagpapatakbo). Ang kumpletong teksto ng mga pamantayang ito ay makukuha sa www.ecfr.gov. Kapag hiningi mo bibigyan ka namin ng nakasulat na kopya ng mga pamantayan.

V. Impormasyon sa Warantiya. Bawat produktong ibinebenta o nirentahan ng aming kompanya ay may isang-taong warantiya ng gumawa. Aabisuhan namin ang lahat ng benepisyaryo ng Medicare tungkol sa coverage ng warantiya, tutuparin ang lahat ng warantiya sa ilalim ng naaangkop na batas, kukumpunihin o papalitan, nang walang bayad, ang kagamitang may warantiya na saklaw ng Medicare. Dagdag pa, isang manwal ng may-ari na naglalaman ng impormasyon sa warantiya ang ibibigay sa mga benepisyaryo ng lahat ng matibay na kagamitang medikal kapag may available na ganitong manwal.